



Kautusang Pampubliko ng Glendale No. 2020-03

Sa Ilalim ng Pang-emerhensiyang Awtoridad ng

Lungsod ng Glendale

Petsa ng Isyu: Marso 18, 2020

Mga Hakbang ng Lungsod Pagtugon sa COVID-19 (Residensyal at Komersyal na Nangungupahan)

Sapagkat noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Chapter 2.84, ay nag-deklara ng lokal na emerhensiya. Ito ay kinakailangan dahil sa lumalagong alalahanin sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang malubhang talamak na sakit sa paghinga na sanhi ng bagong coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ang lagnat, ubo, at paghingat, at ang mga taong nahawahan ay nakaramdam ng mga iba-ibang sintomas, mula sa banayad na sakit hanggang sa malubhang sakit at pagkamatay. Ang bilang ng mga nakumpirmang kaso ay patuloy na mabilis na lumalago sa loob ng maikling panahon. Ang Centers for Disease Control and Prevention ay nagpayo sa amin na ang COVID-19 ay madaling lumaganap sa mga tao at nag-isyu ng mga alituntunin na nag-rekomenda na ang publiko ay magpatibay ng mga patakaran at kalakaran para isagawa ang “social distancing” hangga’t maaari. Pati na rin, sa Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ay nag-utos na isara at limitahin ang pagpunta sa mga ilang pam-publikong gusali;

Sapagkat ang Lungsod ng Glendale ay nagdagdag ng kanilang pagsisikap na magpanatili ng kalinisan, pamantayan sa paghinga (respiratory etiquette), at social distancing. Napakahalaga na tayo, bilang isang Lungsod, ay gumawa ng lahat ng mga kailangang gawin upang pabagalin ang paglago sa komunidad at iwasan ang hindi nararapat na kahirapan sa ating sistemang medikal. Para tulungan ang ating pagsisikap, sa ilalim ng pang-emerhensiyang kapangyarihan na nakasalalay sa Director of Emergency Services alinsunod sa Chapter 2.84 ng Glendale Municipal Code, para gumawa at magbigay ng mga alituntunin at regulasyon sa mga bagay na makatwirang may kinalaman sa proteksyon ng buhay at pag-aari na na-apektuhan ng naturang emerhensiya, ipinapatupad na ang mga serye na pansamantalang paghihigpit ay ipataw sa mga ilang establisimento sa kalawakan ng Lungsod ng Glendale, kung saan ang maraming tao ay nagtitipon at magkakatapat;

Sapagkat ang inirekomenda at ipinatutupad na pagsara ng mga negosyo ay

naging sanhi ng labis na pagkawala ng kita na humahadlang sa abilidad ng mga negosyo na magbayad ng kanilang renta, mortgages, at mga bill ng utilities at ang pagtaguyod ng estabilidad ng mga komersyal na nangungupahan ay nakakatulong din sa kalusugang ng publiko;

Kaya ngayon, sa pamamagitan ng awtoridad na ibinigay alinsunod sa Chapter 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Director of Emergency Services ay nag-isyu ng mga sumusunod na kautusan, epektibo sa 11:59 p.m. mula ngayong gabi, hanggang sa 12:00 p.m. ng Marso 31, 2020, na:

Seksyon 1. Walang landlord ang maaaring mag-file ng unlawful detainer action laban sa residensiyal o komersiyal na tenant, kabilang din ang tenant na tumatanggap ng subsidy galing sa ahensiya ng gubyrerno, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga subsidy sa ilalim ng Housing Choice Voucher Program (Seksyon 8) ng Pederal na Gubyrerno, sa Lungsod ng Glendale sa panahon nitong lokal na emerhensiya kung ang tenant ay nagpakita ng walang kakayahang magbayad ng upa dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19 pandemic. Ang mga pangyayaring ito ay kabilang ang pagkawala ng kita dahil sa COVID-19, pagsara ng lugar ng trabaho dahil sa COVID-19 o pagbawas ng oras ng trabaho o mga aktibidad, mga gastos sa pangangalaga ng bata dahil sa pagsara ng mga paaralan, mga gastos sa kalusugan na kaugnay ng pagkakasakit sa COVID-19 o pangangalaga sa miyembro ng sambahayan ng tenant na may sakit na COVID_19, o mga makatwirang gastos na sanhi ng mga isinautos ng gubyrerno na hakbang na emerhensiya. Wala sa subseksyon na ito ang nangangahulugan na ang tenant ay hindi obligadong magbayad ng renta. Ang mga tenant ay bibigyan ng hanggang anim na buwan pagkaraan ng expiration ng lokal ng panahon ng emerhensiya para bayaran ang mga nakalipas na upang hindi nabayaran. Maaaring gamitin ng mga tenant ang proteksyon na nakalagay sa subseksyon na ito bilang depensa sa pagpapatunay (affirmative defense) laban sa unlawful detainer action. Ang subseksyon na ito ay mananatiling epektibo sa panahon ng lokal na panahon ng emerhensiya.

Seksyon 2. Ang Order na ito ay maaaring pahabain bago sa Marso 31, 2020.